Usapin Ukol Sa Pananampalataya

Ang pananampalataya ay isang katangian kung saan ang lahat ng samahang panrelihiyon—Kristiano man o hindi—ay naninindigan na ito'y sadyang kailangan sa kaligtasan ng tao. Ito ang laging basehan kung bakit ang tao ay sumasapi sa isang relihiyosong samahan, at lahat ay naniniwala na mayroon sila nito. Subalit nauunawaan ba natin ang mga sangkap sa pananampalataya? Narito ang ilang katanungan at kasagutan na tutulong sa atin upang lubos na maintindihan ang maraming bagay ukol sa Pananampalataya

I. SANGKAP NG PANANAMPALATAYA Ang Pananampalataya ba ay Bulag?

Maraming deboto ang bihirang saliksikin ang kanilang pinaniniwalaan. Kung hindi nakamulatan lang ang mga bagay na pinaniniwalaan nila, ay nagpapatangay na lang o umaayon lamang sa agos na sinusundan ng karamihan. Ang iilan ay kinasanayan na ang tradisyon, ang iba naman ay sumasapi sa ibang samahan upang masabi lang na may kinabibilangan sila. Ang paghahangad na malaman ang mga bagay na pinaniniwalaan natin ay hindi "Palaisipang Teyolohikal". Ito ay simple, at nararapat na may katugunan dahil ang pag-uubos ng oras, lakas at maging kakayahan para sa relihiyosong kadahilanan ay pagbubuwis ng pagod at kasanayan. Maitatanong natin; kailangan ba ng katunayan upang masuportahan ang paniniwala? O dapat bang mangibabaw ang misteryo laban sa katotohanan kapag nahaharap sa ilang mahihirap ipaliwanag?

Ang pananampalataya ay isa lamang paniniwala, na masidhing binantayan. Ang kasagutan sa ating paniniwala ay dapat lamang malinaw sa ating isipan at kaagapay ng di mapasisinungalingang patunay upang mapanatili ang katotohanan nito. Dapat nitong matagalan o manatiling nakatayo sa pagsubok ng katuwiran o 'logic' maging karaniwang kaisipan o 'common sense'—walang bahid kahiwagaan ni kalabuan man. Ipinahayag ni Pablo bilang halimbawa upang patunayan ang pag-iral ng Dios na ating sinasamba (sa Roma 1:18-20) “Nahahayag mula sa langit ang poot ng Dios laban sa lahat ng kalapastanganan at kasamaan ng mga taong dahil mismo sa kanilang kasamaan ay hinahadlangan ang katotohanan. Sapagkat ang maaaring malaman tungkol sa Dios ay maliwanag, dahil iyon ay ipinapahayag ng Dios sa kanila. Mula pa ng likhain ng Dios ang sanlibutan, ang Kanyang likas na di nakikita, ang Kanyang kapangyarihan walang hanggan at ang Kanyang pagka-Dios, ay maliwanag na inihahayag ng Kanyang ginawa, kayat wala silang maidadahilan pa."

Si Jesus mismo ang nagbigay ng isang hamon (Juan 10:37-38) "Kung di ko ginagawa ang mga pinagagawa ng aking Ama, huwag ninyo akong paniwalaan. Ngunit kung ginagawa ko ang mga ito, paniwalaan nyo ang aking mga gawa kung ayaw nyong maniwala sa akin. Sa gayon, matitiyak nyo na nasa akin ang Ama at akoy nasa Kanya." Ito ay sinabi niya patungkol sa mga kababalaghan ginawa niya bilang pagpapatunay ng pagiging Hirang o "Messiah" sa harap ng Kanyang taga-usig.

Ang sumulat ng aklat ng Hebreo ay pinatutunayan kung paano ang mga lalaki't babae na binanggit sa ika-11 kabanata ay naibilang na tapat: " Silang lahat ay namatay na may pananampalataya sa Dios. Hindi nila nakamtan ang ipinangako ng Dios ngunit natanaw nila iyon mula sa malayo. Kinilala nilang sila'y mga dayuhan lamang at nangingibang bayan dito sa lupa (Hebreo 11:13). Ang pahayag na ito ay kabaligtaran ng mga sumusunod; (1) bulag na pagsunod, (2) paniniwalang di sinaliksik, at (3) mga misteryosong pagtingin sa pananampalataya. Ang kanila ay may malinaw na pananaw sa pangako ng Dios, nakasandig sa pag-asa ng tiyak nitong katuparan, pinanghawakan, at ipinahayag ito sa lahat ng walang pagpipigil. Ito ay ang TUNAY NA PANANAMPALATAYA.

Ang Himala ba ang tanging basehan ng Pananampalataya?

Sa mga Iglesiya ng Dios sa kasalukuyan, bihira tayong makasaksi ng kakaibang pangyayari na matatawag na kababalaghan o tanda. May ilang insidente na sa kalaunan matapos pagnilay-nilayin, ay maaaring ipalagay na pagkalinga ng Dios sa buhay ng mga hirang; ilan lamang dito ang kagila-gilalas. Di pa tayo nakakita ng taong nabuhay muli, o kahit ang walang patid na pagpapagaling matapos pahiran ng Hirang ng Dios. Di maihahalintulad sa mga bagay na nagawa ni Pedro na maging ang anino lamang nya ay pinagmumulan ng kagalingan (Mga Gawa 5:15).

Ang totoo, kung ang Dios mismo ay gagawa ng kababalaghan sa ating harapan at di tayo mananalig, di Niya pa rin tayo mapaniniwala. Ang Israel ay nakasaksi ng mga himala subalit nanatili silang walang pananalig sa Dios. Napakaraming kagila-gilalas na himala at tanda na naitala sa lumang tipan, subalit napakaliit ng epekto nito sa mga nakasaksi. Sa aklat

ng Hebreo, ilan lamang sa maraming nakasaksi sa ginawang mga himala ng Dios ang nakarating sa lupang pangako. Bakit? " Kapag narinig ninyo ngayon ang tinig ng Dios, iyang inyong puso'y huwag patigasin, tulad noong maghimagsik ang inyong ninuno doon sa ilang, nang subukin nila ako (Heb 3:8-9) Sino-sino silang naghimagsik? Sila bang mga nagsilabas mula sa Ehipto sa pamumuno ni Moises? Kanino Siya napoot sa loob ng 40 taon? Sila bang nagkasala, kung saan ang mga bangkay nila'y nangahulog sa ilang? Kanino niya sinabi na di sila makapapasok sa kanyang kapahingahan, kundi sa mga hindi nagsisunod sa Kanya. Kaya makikita natin na hindi sila nakapasok dahil sa kawalan nila ng pananampalataya (Hebreo 3:15-19).

Sa kasalukuyan, ang mananampalataya ay dapat patunayan na ang Dios ng biblia ay ang tunay na Dios.Sumasangguni tayo sa mga pantulong-biblia, kasaysayan historikal na magpapatunay ng katotohanan ng Dios, nananalangin para makaunawa, nakikinig ng mensahe sa pulpito, maging sa kapatiran, nagbabasa ng kapahayagan hanggang lubhang maialis ang anuman pagdududa at marating ang katotohanan. Ang ganitong pananampalataya ay resulta ng masidhing pagsasaliksik ng lahat ng umiiral na patotoo o katotohanan. Di ito bulag o base sa emosyon lamang. Ano ang parte ng Dios sa buong proseso? Ipinahahayag Niya sa atin ayon sa naisulat na Salita ng Dios—ating sinubukan at napatunayan, ating namang sinampalatayanan.

Kahit walang aktwal na himalang nangyayari sa 'ting kalagitnaan, ang pananampalataya ay dapat manatiling buhay sa puso ng tunay na binagong anak ng Dios. Dahil ang talaan ng mga pangyayari ng nakaraan ay naihula na bago pa man ito mangyari at maging ang mangyayari sa hinaharap na unti-unting natutupad ayon sa plano ng Dios na nasa biblia. Idagdag pa dito ang maraming saksi na di nagsabwatan para maitala ang lahat ng pangyayari. Mga saksing pinanganak sa ibat ibang panahon subalit ang kanilang testimonya ay di nagsasalungatan bagkus magkaka-ayon (Hebreo 12:1).

Sa 2Pedro 1:20-21 ay nasulat; "Higit sa lahat, unawain ninyong walang nakapagpaliwanag ng alinmang propesiya sa Kasulatan sa sariling kakayahan, sapagkat ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban lamang ng tao; ito'y galing sa Dios at ipinahayag ng mga taong ipinahayag ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang Pananampalataya ba'y Kaloob ng Dios?

Ang mga alagad ni Jesus ay may pananampalataya bagamat napakaliit ayon sa Kanya (Mateo 16:8). Sa ganito hiniling nila "Panginoon, dagdagan po ninyo ang aming pananampalataya!" (Lucas 17:5) Madali niya sanang maibibigay ito kung nasa tamang pamamaraan. Sa halip, nagsalaysay Siya na sa unang tingin ay walang kaugnayan sa kahilingan. Sa huli, binigyang diin Niya ang aral para sa paglago sa pananampalataya, at iyon ay ang paggawa ng higit pa iniaatang sa 'tin. (Lucas 17:10)

Ang mga sinasabi ni Jesus ay madaling maunawaan. Sa bawat okasyon patungkol sa pananampalataya, mariin niya sinasabi na hindi ito nasa Kanya para ipagkaloob sa iba. Dapat ito ay magmula mismo sa magiging mananampalataya pa lamang. Ito ang ilan sa kanyang sinabi " Mangyari sa iyo ayon sa iyong pananampalataya"..."Kung may pananalig ka tulad ng butil ng mustasa"..."pinagaling ka ng iyong pananampalataya"..."Wala pa kong nakita ganitong kalaking pananampalataya;" "Niligtas ka ng iyong pananampalataya..."magdasal ng hindi bumigay ang iyong pananalig..." (Mateo 9:29; 17:20. Marcos 5:34, Lucas 18:8, 22:32)at marami pang iba. Ni minsan ay di Niya sinabi na "Ang pananampalataya ko'y ipagkakaloob ko sa inyo'. Ang pananampalataya ay para sa atin upang ating sanayin at palaguin. Ang pananampalataya samakatuwid ay hindi kaloob na mula sa Dios. Ito ay nanggagaling sa 'pakikinig, at pakikinig ng Salita ng Dios', (Roma 10:1). Ating narinig, ating pinag-aralan,ating pinagnilay-nilayan, at ating pinaniwalaan. Ito ang ating pananampalataya!

Ano ang mga Kaloob ng Dios?

Ang kaloob ng Dios ay malinaw na malalaman: "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, subalit ang KALOOB ng DIOS ay BUHAY NA WALANG HANGGAN..." (Roma 6:23). " Magsisi at magpabautismo at tatanggapin mo ang KALOOB ng BANAL NA ESPIRITU" (Mga Gawa 2:38). Maliban pa diyan ang talento at abilidad na binigay niya sa bawat isa para tuparin ang misyon iniatang nya sa atin. (1 Corinto 12; Epeso 4:17-21)

Gaano Kahalaga ang Pananampalataya sa Kaligtasan?

May pinakamagandang plano ang Dios para sa tao mula pa ng likhain Niya ang daigdig. Ninanais Niyang ariin ang tao

bilang kanyang mga anak at maging bahagi ng Pamilya ng Dios, (Gal 4:5-7; Roma 8:15,23), ang katuparan ng buo Niyang plano ay nakadepende sa mga pagpili na ating gagawin. Kung tayo mismo ay hindi naniniwala sa Kanyang mga plano, lahat ng ito'y mapupunta sa wala, at tayo rin ang magiging talunan sa huli.

Unawain nating mabuti ang tuwirang kahulugan ng 'pananampalataya' sa Bibilia." Ang pananampalataya ay pagtitiwala na mangyayari ang ating inaasahan, at katiyakan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. Kinalugdan ng Dios ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya. Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Dios, at ang mga bagay na nakikita ay mula sa hindi nakikita." (Hebreo 11:1-3) Sa madaling salita, ang mga bagay na nakikita natin sa paligid ay nalikha ng KAPANGYARIHAN na di natin nakita. Ang patunay ng kanilang pag-iral ay nahayag sa mga bagay na ating nakita. Ito'y pinatotohanan sa Roma 11:20 na nabanggit.

'Ang matuwid kong lingkod ay mababuhay sa pamamagitan ng pananampalataya' (Hebreo 10:38) Papaano? Kung tutularan natin ang kinikilalang ama ng mga tapat, si Abraham. 'Ang ating amang si Abraham ay kinalugdan ng Dios dahil sa kanyang mga gawa, nang ihandog niya sa dambana ang kanyang anak na si Isaac, hindi ba? Dito ay makikita mong magkalakip ang kanyang pananampalataya at mga gawa, at naging ganap ang kanyang pananampalataya dahil sa kanyang mga gawa. Natupad ang sinasabi ng kasulatan; "Si Abraham ay nanampalataya sa Dios at dahil dito, siya'y itinuring ng Dios bilang isang taong matuwid,' (Santiago 2:21-23) Naniniwala ka sa Dios, may pananampalataya ka ba sa Kanya? Gawin mo ang sinasabi Niya dahil ang kaligtasan ay nakabatay sa ganitong pananampalataya.

May Pangako ba ang Mananampalataya?

Bakit ba tayo naniniwala at patuloy na nananalig? Kung walang pangako na buhay na walang hanggan at pag-haharing kasama ni Jesucristo—Una sa Milenyo patungo sa walang hanggan-- at pagiging Anak sa pamilya ng Dios, mananalig ka pa ba at susunod sa Kanya? Sa Mateo 19:27 - 29 ay sinabi " Nagsalita naman si Pedro; Tingnan po ninyo, iniwan po namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo. Ano po naman ang para sa amin? Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: kapag naghahari na ang Anak ng Tao sa kanyang Trono ng Kaluwalhatian sa bagong daigdig, kayong sumunod sa akin ay uupo din sa labindalawang trono upang mamuno sa 12 lipi ng Israel. Kapag iniwan ninuman ang Kanyang tahanan, mga kapatid na lalaki at babae, ama, ina , mga anak, o mga lupain alang alang sa akin ay tatanggap siya ng isang ibayo at pagkakalooban siya ng buhay na walang hanggan."

Ang gantimpala ng Dios ay di kayang liripin ng isipan. May pamamahala at tanggapan--"Sa bahay ng aking ama ay maraming silid (Juan 14:1). May mga koronang (sumasagisag sa kapangyarihan at pamamahala) nag-aantay (Pahayag 2:10; 3:11), na nangangahulugan na tayo'y magiging mga Hari at Pari (Pahayag 5:10;20:6). Kung may kaharian na walang hanggan, (Daniel 2:44;7:18,22) kinakailangan na mabuhay tayo ng walang hanggan din. Pagpapatunay ng sinabi ni Jesus sa Juan 3:16 " Sapagkat ganon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa sangkatauhan, kayat ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinuman ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng BUHAY NA WALANG HANGGAN."

Pinadali ng Dios ang Lahat

Kung si Jesucristo ay namatay para sa atin, pinanumbalik ang relasyon natin sa Ama, binigyan tayo ng mekanismo o paraan upang tayo'y maging literal na Anak ng Dios at mabuhay kasama Niya magpasawalang hanggan. Kalabisan ba na hangarin Niya na MANAMPALATAYA KA AT IALAY ANG IYONG SARILI SA KANYA, SUMANDIG SA KANYANG PANGAKO AT SUMUNOD SA KANYANG KAUTUSAN AT ALITUNTUNIN? Nararapat lamang na maghangad Siya ng pananalig mula sa atin! Hindi ito nagmula sa Kanya para ipagkaloob kundi mula sa atin para gamitin.

Ang programa, tamang sangkap, paraan at alituntunin para maging tunay na anak at mapabilang sa pamilya ng Dios ay nasa sa atin. Ang dapat nating gawin ay manampalataya at gumawa ng ayon sa pananampalatayang iyon. Simple lang, di ba? Pinadali ng Dios ang lahat, yun lang ang paraan ng kaligtasan--iniaalis tayo sa isang kalagayang wala tayong magagawa. Nasa atin na ang lahat para maisakatuparan ito. Gayundin naman ang lahat ng karapatan ay na kay Jesus para magtanong: " Ngunit sa pagbabalik ng Anak ng Tao sa daigdig na ito, MAY MAKIKITA PA KAYA SIYANG MGA TAONG SUMASAMPALATAYA SA KANYA?" (Lucas 18:8) Masasagot ba natin sya ng OO?

II. DANGAL AT PANANAMPALATAYA NI JOB

Malalim ang pagkakilala ng Dios kay Job, at lubos Niyang ipinagmamalaki ito. Walang pagdududa sa isipan ng Dios ang maaaring mangyari, at alam Niyang magiging tapat ito. Lubos ang tiwala ng Dios sa kanya na hinayaan niyang subukin ito upang patunayang mali si Satanas at turuan na rin ito ng leksyon. Itinaya ng Dios ang Kanyang pangalan kay Job at di naman Siya binigo nito. Sa huli, pinagpala naman ng Dios si Job ng dalawang ulit pang higit maging sa pag-aari nito nung una.

Ang buhay ni Job ay di pangkaraniwan, may bahaging magulo at kakaiba—na nagbabangon ng interes at paghanga. Si Ezra, ang pinaniniwalaang nagtipon ng mga katanggap-tanggap na sipi ng lumang Tipan ay isinama ang aklat ni Job sa kabila ng pagiging kakaiba nito. Maaaring may mabigat na dahilan at ginawa niya ito.

Ano ba ang mensahe sa likod ng buhay ni Job? Higit sa lahat, Ano ang mensahe gustong ipaabot ng Dios sa atin sa pamamagitan ng aklat ni Job? Anong karakter ang ipinamalas ni Job sa aklat na ito na dapat nating tularan? *Ito ay kasaysayan ng isang tao na itinuturing ng Dios na 'taong May DANGAL o INTEGRIDAD.*

Ang lahat ay nagsimula nang dineklara ng Dios kay Satanas na si Job ay walang katulad, sakdal at matuwid, may takot sa Dios at umiiwas sa masasamang gawain. May 7 siyang anak na lalaki at 3 babae. Napakayaman niya na may 7000 tupa, 3000 kamelyo, 500 baka, 500 asno at napakalaking sambahayanan at lingkod. Ang kanyang reputasyon, at mataas na kalalagayan sa lipunan ang nagtaguyod sa kanya na mapabilang na pinakadakila sa lahat ng tao ng silanganan. (Job 1:1-3).

Ang kanyang mga anak na lalaki at babae ay nabuhay ng maginhawa, maaliwan, at maligaya.Upang papaglubagin ang takot niya sa gawi ng mga anak, laging nag-aalay si Job ng sunuging-alay para sa kanila. Siya ay lubhang matuwid na pinangungunahan na niya ang posibleng paglapastangan ng mga anak sa Dios kahit di pa siya nakaririnig ng anuman sa kanila na pagmumulan ng kinatatakutan niya. (Job 1:4-5) Ito ay pagpapatunay sa reputasyon ni Job bilang isa sa tatlong lalaki na binanggit ng Dios na halimbawa ng 'KATUWIRAN.' (Ezekiel 14'14)

Ang Hamon at ang Pagsubok

Tumakbo ng maayos ang buhay ni Job sa araw-araw hanggang isang araw ay hinamon ng Dios si Satanas *"Napansin mo ba ang lingkod kong si Job? tanong ni Yahweh. Walang siyang katulad sa daigdig, mabuti siyang tao, sumasamba sa akin at umiiwas sa masamang gawain. Sumagot si Satanas; ' Sasambahin pa kaya kayo ni Job kung wala siyang nakukuha mula sa inyo? Inaalagaan nyo siya, ang kanyang pamilya aat ang lahat ng kanyang gawain at halos punuin ninyo ng kanyang kayamanan ang buong lupain. Subukin ninyong alisin ang lahat-lahat sa buhay niya, at harap-harapan niya kayong susumpain.' Sinabi ng Dios kay Satanas "kung gayon, gawin mo nang lahat ang gusto mong gawin sa kanya, huwag mo lamang siyang sasaktan."* (Job 1:8-12).

Kaya pinabayaan ng Dios si Satanas na isakatuparan ang kanyang mapanirang gawain laban sa lahat ng ari-arian ni Job. Sa mga sumunod na talata (Job 1:13-19) ay idinetalye ang karimarimarim na sumunod na pangyayari.Ang masasamang pasakit na sinapit ng lahat ng pag -aari ni Job ay naging napakabilis, walang tinira, kasama maging ang pinakamamahal niya sa lahat ng kanyang kayamanan—ang kanyang mga anak.

Kadalasan, ang panunukso ni Satanas ay natutupad sa maraming Kristiano sa anumang panahon. Ang ibang nagsasabing sumusunod sila kay Jesus ay tinatalikuran ang pananampalataya kung nagiging hadlang ito para magkamal ng materyal na bagay. Nakalulungkot na ito ang madalas gamitin ni Satanas para masilo ang marami, laging epektibo, pero hindi kay Job!

Pansinin natin ang reaksyon ni Job: 'Tumayo si Job, pinunit ang kanyang damit at nag-ahit ng ulo. Pagkatapos ay nagpatirapa siya at sumamba sa Dios. Ang sabi niya, *"HUBAD AKONG LUMABAS SA SINAPUPUNAN NG AKING INA, HUBAD DIN AKO BABALIK SA LUPA. AND DIOS ANG NAGBIGAY, SIYA RIN ANG BABAWI. PURIHIN KA, O DIOS!" (v20-21)*

Sa kabila ng mga nangyari sa kanya, sinabi ng kasulatan; 'Hindi niya sinisi ang Dios, kaya't hindi siya nagkasala laban sa Kanya.' (v22). Ano ang isang importanteng aral ang makukuha natin sa aklat ni Job? Kundi ang katangian bumibigkis sa kanyang karakter ang pagiging 'MARANGAL o DALISAY' sa kabila ng matinding pagsubok na dinanas niya napanatili niya ang katapatan at pananampalataya sa Dios.

Dangal ng Pananampalataya

Ano ang integridad o dangal? Ito ay nagmula sa Griyegong kataga 'integra' na ang kahulugan ay 'buo.' Ito ay kumakatawan sa kabuoang katangian at pag-uugali ng isang tao. Ito'y hindi pag-aalinlangan kundi pagtitiwala,katangian at paniniwalang di natitinag anumang sigalot ang mangyari.

Ang 'integridad' ay ang pagiging matuwid at mabuti; ang pinagsama-samang katangian binubuo ng pagiging marangal, maaasahan, matuwid, katapatan, pagiging totoo, at patas. Masasabing ang tao ay may integridad o dangal kung ang lahat ng kanyang ginagawa ay naaayon sa kanyang prinsipyo at pinaniniwalaan. Samakatuwid, ang integridad ay ang di pabago-bago ng pag-iisip at galaw, hindi nadadaig ng anumang puwersa, matatag na naninindigan sa kanyang paniniwala. Ito ang bumubuo sa katauhan ni Job. Alam ng Dios kung ano ang kalalabasan bago pa man dumating ang pagsubok dahil si Job ay may dangal. Alam niyang hindi madadaig si Job!

Dangal ni Job

Tama! May dangal si Job pero di ito nangangahulugan na siya ay sakdal at walang bahid kasalanan. Alam natin na pinagsikapan niya na mabuhay ng naaayon sa panuntunan na may pagsunod sa kalooban ng Dios. May takot siya sa Dios at namumuhi sa gawaing masasama.

Sa kanyang pagiging matuwid, natanggap niya ang pinakagrabeng pagsubok mula kay Satanas. Ang mundo ay naging literal na kalaban ni Job. Sukdulang paghihirap ang sinapit niya, na kahit sinong tao malalagay sa ganong sitwasyon ay maaaring sumuko. “Isisi mo sa Kanya”, ito ang mungkahi ni Satanas. Napakadaling isisi sa Dios ang lahat ng mga maling pangyayari sa atin pero hindi kay Job!

Si Job ay dumanas ng paghihirap, at matinding pasakit. Ang kanyang kabiyak na hindi man kinanti ni Satanas, ay naghain ng simpleng solusyon sa masamang kalagayan ni Job. Sinabi nito na *"…bakit pa pahahabain ang paghihirap mo kung puwede ka naman umayaw na lang; na isakripisyo na lamang ang kanyang dangal para makasumpong ng kaginhawahan sa lahat ng dinaranas? " Kakapitan mo pa rin ba ang iyong integridad ? Sumpain mo na ang Dios at mamatay!"* wika ng asawa (Job 2:9).

Minsan sa sitwasyong sukdulan at di-matingkalang pagdurusa, kamatayan ang kaaya-ayang paraan para tapusin na ang lahat. Subalit si Job ay nanatiling tapat sa Dios, nakasandig sa kanyang integridad. Hindi siya natinag sa kabila ng lahat na nangyari. Siya ay may dangal at napanatili niya ito.Alam din ito ng kanyang asawa, hindi siya nagpadala kaninuman ni isipin ang madaling paraan para takasan ito. Alam niya na ang Dios ay mahabaging Dios, na di siya iiwan ni pababayaan man nito. Patuloy siyang umaasa sa pagliligtas ng Dios.

Idagdag pa sa pahirap kay Job ay ang mga kaibigan na nanunumbat na ang kanyang dinaranas ay bunga ng mga ginawa niyang kasalanan. Ang kailangan lamang daw niyang gawin ay magsisi sa lahat niyang kamalian at lahat ng ito ay matatapos din. Lingid sa mga kaibigan, kung siya'y sadyang nagkasala, si Satanas ang kauna-unahang makaaalam at isasangguni ito sa Dios. Yun naman ang gusto talagang patunayan ni Satanas - na masaya niyang maibabalita dito na mali ang Dios kay Job, pero di ito ang nangyari. Ipinilit ni Job ang kanyang katuwiran, at tama siya!

Hindi isinakripisyo ni Job maging ang sariling integridad nito. Alam niya na hindi siya nagkasala at nasa panig niya ang Dios; yan ang dangal ng pananampalataya. Ito mismo ang sinasabi sa Hebreo 11 na ang mga lalaki't babae na may dangal ng pananampalataya, hindi nagagapi ni tumatanggap ng panandaliang paglingap kapalit ng iniingatang pananampalataya. Ang pananampalataya ay dangal ng puso!

Kilala ng Dios

Kilala ni Job ang Dios, Gayundin naman kilala ng Dios si Job sa kanyang integridad o dangal. Wala si Job nalalaman katulad ng ating pananaw ngayon. Walang ideya si Job sa mga nangyari matapos niyang dinanas ang paghihirap - na siya pala’y ginamit para sa isang hamon. Hindi niya rin batid na hinayaan ng DIOS si Satanas na subukin siya. Ang mayroon lang si Job ay ang kanyang integridad, ang kanyang katuwiran at pananampalataya ay buo, at dito siya nakikilala ng Dios. Ang karanasan ni Job ay isinulat upang ating tularan.

Marami sa atin ang madaling magulumihanan sa mga pagsusumakit ukol sa sanlibutan (pera, trabaho, pamilya. posisyon, relasyon), kaginhawahan ng buhay (karangyaan, kalusugan at kapakinabangan), ang ilusyon na inaasahan (kaligayahan, pagtanggap, paglago). Ang tao ay nadarapa sa konting paghihirap lamang, at sukat isuko nito maging ang

pananampalataya. Marami tayong maiisip na mababababaw na dahilan sa kawalang-kabusugan, at pag-angal ng tao. Maging si Job ay tinukso ni Satanas, hindi siya nagpadala dito. Pinanatili niya ang kanyang integridad - batid niyang hindi siya susubukin ng Dios ng higit pa sa makakayanan niya. Alam niya na tatanda siya't makikita ang magagandang mga araw dahil ang Dios ay lagi niyang kasama. Sa sulat ni Pablo sa mga taga-Filipos ay sinabi niya na upang makamit ang korona ng buhay, dapat manatiling nagpapatuloy sa pagtakbo hanggang makamit ang gantimpala (Filipos 3:8-14); ito rin ay pagpapakita ng integridad ng pananampalataya.

Sa atin naman ay papaano? Mayroon ba tayong integridad ng isang tunay na Kristiano? Kung talagang tayo'y nasa Dios, at may pakikipisan ng Banal na Espiritu ng Dios (Roma. 8:11) kilala Niya ang bawat isa sa atin tulad ng pagkakilala Niya kay Job. Sinabi ni Apostol Pablo: *" Ngunit ngayong nakikilala na ninyo ang Dios, o mas tamang sabihin, ngayon nakikilala na kayo ng Dios,...(*Galacia 4:9). Muli, sa Timoteo 2:19 "*...Nakikilala ng Dios kung sino-sino ang tunay na sa kanya...*"Kung kilala tayo ng Dios, 'di Niya tayo iiwan ni pababayaan man. Tama! Kilala ng Dios ang bawat isa sa atin katulad ni Job. Sana may masasabi ang Dios na magagandang bagay ukol sa atin.

Ang ating kaligtasan ay may kasiguruhan kung mananatili tayo sa ating integridad. Ito ang aral sa kasaysayan ni Job. Pinanghawakan niya ang kanyang integridad, dapat din naman panghawakan natin ang ganang atin. Ang mga pangyayari sa buhay ni Job ay isang halimbawa na dapat matutunan nating lahat. *"Isinusumpa ko sa Dios na sa aki'y nagkait ng katarungan, sa Makapangyarihang Dios na nagdulot sa akin ng kapaitan. Habang mayroon akong hininga na Dios ang nagbibigay, ang labi ko'y walang bibigkasing kasinungalingan, ang aking sasabihin ay pawang katotohanan. Hindi ko matatanggap na kayo ang may katuwiran, igigiit hanggang kamatayan na ako'y walang kasalanan. Hindi ko isusuko ang akong katuwiran, budhi ko'y malinis, di ako sinusumbatan.*" (Job 27:2-6)

Ang pananangan sa integridad ng iyong pananampalataya ay ang tangi mong kalasag upang ang iyong mga paa ay manatiling nakatuntong sa Kaharian ng Dios. Huwag mag-aalinlangan, ni lilihis o sasama sa agos ng mundo. Alam natin ang kalooban at layunin ng Dios, at gayundin naman, kilala ka Niya sa iyong mga ginagawa. Batid Niya ang bumubuo sa atin, ang ating pagtitiwala, katapatan at ugali. Sa madaling salita, alam ng Dios ang ating integridad o dangal. Habang patuloy tayong sumasandig sa ating integridad,--ng hindi nag-aalinlangan at pumapalya --mararating natin ang Kaharian ng Dios.

III. BIYAYA AT PANANAMPALATAYA

"Sapagkat sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; Ito'y hindi sa inyong sarili, Ito'y kaloob ng Dios, Hindi ito bunga ng mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman" (Efeso 2:8-9).

Marami sa atin ang nakarinig ng di mabilang na sermon at mensahe tungkol dito. Ang artikulong ito'y layuning magbigay linaw tungkol sa malalim na pananaw, at tunay na pakahulugan ni Apostol Pablo sa kasulatang ito.

Bigyan natin ng ilang sandali ang ating sarili upang pagnilay-nilayan ang ilang mga katanungan. Ano ang ibig sabihin ni Pablo ng *"Sapagkat sa biyaya ng Dios kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya."* May kaibahan ba ang biyaya at pananampalataya? Kung mayroon, ano ito? Ano ang kaugnayan ng biyaya at pananampalataya? Mayroon bang malinaw at maituturing na kaibahan ang dalawa.

Ano ang Biyaya?

Upang ito'y lubos na maintindihan, kinakailangang kilalanin natin ang Dios. Sinabi ni Pedro na ang *Dios ay puspos ng biyaya* (1 Pedro 2:3; 5:10). Ito ay nangangahulugan na ang Dios ay mabuti, maawain at mapagmahal. Ibig ng Dios na ang lahat ay magsipagsisi at magkamit ng kaligtasan. (Mga Gawa 17:30; 1 Timoteo 2:4)

Paano kumikilos ang biyaya ng Dios? Ang biyaya tulad ng ating pagkakaalam ay ang 'di matutumbasang pagpapatawad. Ang pagpapatawad ay ang pagbibigay kaluwagan, mahinahong-pasiya at paglimot sa mga kasalanan, o krimeng nagawa. *Ang kasalanan ayon kay Juan ay ang paglabag sa Kautusan ng Dios"* (1 Juan 3:4) Ang pagsilang ng kasalanan ay nagmula sa pagsuway sa matuwid na utos ng Dios. *Ang naging kaparusahan nito ay kamatayan* (Roma 6:23)

Ang biyaya ay kumikilos lamang sa paligid kung saan umiiral ang batas at ang kasalanan. Sinabi ni Pablo sa Roma 4:15 at Roma 7:8 na, *" kung saan walang kautusan, ay wala ring paglabag."* Kung gayon, kung saan wala ang kasalanan, walang gamit ang biyaya. Nilinaw pang muli ito ni Pablo na ang biyaya ng Dios ay di pag-aalis ng kautusan (Roma 7:7).

Tunay na Halaga ng Biyaya

Ang biyaya ng Dios ay hindi sadyang libre o walang bayad kung sisiyasatin natin. Ito'y nagtataglay ng di-matutumbasang halaga. Ang halaga nito ay ang buhay ng kaisa-isang Anak ng Dios. Si Cristo ay namatay para sa atin. Inangkin niya ang ating kasalanan, at namatay siya para sa iyo at sa akin. Tinubos Niya tayo sa parusa ng ating kasalanan, walang iba kundi kamatayan. Ito ang biyaya ng Dios para sa atin.

Ang Kautusan at biyaya ay kumikilos sa magkaibang antas o lebel. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, subalit ang biyaya ng Dios ay nagliligtas, Roma 6:23.Paano kumikilos ang biyaya ng Dios? Ang Dios ay naglaan ng ibang daan sa Katuwiran hindi sa papamagitan ng kautusan (Roma 3:21-26). Si Cristo ay namatay para sa lahat ng makasalanan, binayaran niya ang parusang kamatayan na nakalaan para sa tin. Ngayon, tayo ay malaya sa parusa ng kasalanan walang iba kundi kamatayan. Ito ang di matutumbasang halaga ng biyaya.

Ang Kapakinabangan ng Biyaya

Ang biyaya ay kalayaan mula sa kahatulan sa kamatayan (Roma 8:1-11). Ang pakinabang ng biyaya ay ang pagpapalaya sa atin mula sa parusang kamatayan. Naging malaya tayo dahil napatawad ang ating kasalanan. At ngayon ay kasama na tayo ng Dios na nagligtas sa atin. Ang kalayaan sa kaparusahan sa kasalanan ay di ibig sabihin na di na tayo sakop ng kautusan.(katulad ng pinalayang bilanggo na hindi na dapat sumuway sa batas uli, kundi ay makukulong muli siya kung mapatunayan nagkasala). Ibig lang sabihin nito na binayaran na ni Cristo ang kaparusahan—tinubos tayo sa kamatayan.

Ang kasaysayan ni Pablo

Upang maintindihan kung ano ang ibig sabihin ni Pablo, kailangang malaman natin kung saan siya nanggagaling. Malawak ang pagtuturong ginawa ni Pablo hinggil sa biyayang kaloob ng Dios sa lahat ng kanyang isinulat dahil ang kaniyang karanasan ay isang halimbawa ng pagkilos ng biyaya. Mula sa kanyang sariling pananaw, at karanasan, pinilit niyang ipaunawa ito sa mga Hentil o pagano na kanyang tinuruan.

Ang buhay ni Pablo ay dumanas ng isang malaking pagbabago. Minsan siyang naging mahigpit na taga-usig ng Kristiano subalit sa isang pihit ng pangyayari, siya'y naging Mangangaral ni Cristo, ang pangulo ng Iglesia na minsan niyang inusig. Si Pablo na minsang naging kaaway ng Dios, na marapat lang na dumanas ng pinakamabigat ng parusa, subalit ang Dios ay naging mahabagin sa kanya at tinawag siya sa ministeryo Ibinahagi ni Pablo ang karanasan sa biyayang kaloob ng Dios sa pinamahalaan niya. Ang naisulat niya maging sa mga liham ang lahat niyang karanasan hinggil sa pananampalataya at biyayang mula sa Dios ay naitala sa mga sumusunod; (Mga Gawa 9, 1 Corinto 15:9; 1 Timoteo 1:13)

Sa simula, si Pablo ay walang pananampalataya. Hindi siya naniniwala kay Cristo, at mamig siya’y masikap na taga-usig ng Iglesia (Mga Gawa 22:4) Sa Mga Gawa 9:1 sinabing ‘patuloy ang pagsisikap ni Saul (Pablo) na maipapatay ang mga alagad ng Panginoon'. Nang kinaawaan siya ng Panginoon, nagbago siya. Siya’y naging isa sa pinakatapat at masikap na Mangangaral para kay Cristo, at nagtatrabaho ng higit pa kay sa iba (1 Corinto 15:10)

Ang Pagkakaiba ng Biyaya at Pananampalataya

Himayin naman natin ngayon ang talatang sa marami ay nananatiling may katanungan. Sa Efeso 2:8-9 sinabi "Sapagkat sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus" Ano ang sinasabi ng talatang ito? Papaano natin mauunawaan ito? Maliban na lamang na may isang mangahas na isingit ang sarili niyang interpretasyon; walang kahiwagaang nababalot sa talatang ito. Kailangan lang na basahin ito ng buong ingat. Ang pangungusap ay may 2 bahagi; ang una ay ang " sa biyaya'y nangaligtas"; ang ikalawa naman ay "sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus."

Ang unang bahagi ay 'biyaya'. Ang biyaya ay galing sa Dios, ito ay nagmumula sa sarili Niyang pagpapasya. Hindi natin magagawa, o makakaya sa anumang paraan na pilitin ang Dios na kaawaan tayo. Walang sinuman nagmungkahi sa Dios Ama na ipadala Niya ang bugtong na Anak upang tubusin ang sanlibutan. Ito ay sarili nyang desisyon at pagpapasya. Wala sa anumang ginawa natin ang magtutulak sa Dios para kaawaan at biyayaan tayo. Galing sa sariling Niyang pasya

ang magpakita ng habag, kabutihan, biyaya at pag-ibig. Ang biyaya ay ang pagpapakita ng pag-ibig ng Dios. Una Niya tayong minahal bago pa man natin mahalin Siya (1 Juan 4:19).

Sa kaso ni Pablo, ano ang ginawa niya para biyayaan at kaawaan siya ng Dios? Wala sa mga pagpatay na ginawa niya ang marapat pagkalooban ng awa; subalit kinaaawaan siya ng Dios sa kabila ng lahat na ito. Iyan ang pilit pinaliliwanag ni Pablo na tayo'y nangaligtas dahil sa awa at biyaya ng Dios at hindi sa ating mga ginawa para walang makakapagmalaki sa Kanya. Ang biyaya o awa ay pribado at personal na pasya ng Dios.

Paano natin makakamit ang biyaya ng Dios? Ang kasagutan ay ang ikalawang bahagi ng pangungusap na nabanggit*" sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo".* Kailangan nating manalig na ipinadala ng Dios Ama ang kanyang Anak para pumalit sa atin sa kamatayan. Dapat nating kilalanin na si Jesus ang ating tagapagligtas, magsisi at magbagong buhay ng may pananampalataya at pagsunod sa Dios. Ang tunay na pananampalataya ay buhay na may di-matatawarang pagsunod sa kautusan ng Dios. Ito ay nagbubunga ng mababuting gawa. Sinabi ni Santiago, ang pananampalataya na walang gawa, ay walang kabuluhan o patay (Santiago 2:20).

Ang biyaya ay kapasyahan na nagmumula sa Dios. Ang pananampalataya naman ay ang ating tugon sa biyayang kaloob ng Dios para sa ating ikaliligtas. Ang biyaya o awa ay papel ng Dios sa pagliligtas, at ang pananampalataya ay bahagi naman natin upang tayo'y maligtas.Tayo'y naligtas sa pananampalataya kay Cristo at nabubuhay na may pagtalima sa Dios. Ang biyaya ng Dios ay makakamit lamang sa pananalig kay Jesucristo.

Alin ang dapat mauna - Biyaya o Pananampalataya?

Ang ating pananampalataya ba ang nagpapakilos ng biyaya mula sa Dios para maisakatuparan ang kaligtasan? Malinaw ang sinabi ni Pablo, makakamit natin ang biyaya ng Dios sa pananampalataya kay Cristo!

Maihahalintulad natin ito sa Dios na nagbibigay ng de-boteng tubig sa nauuhaw pero kinakailangang lumapit muna sa Kanya para makuha ito. Binuksan ng Dios ang pinto ng kaligtasan dahil sa biyayang kaloob Niya. Kailangan lang nating lumakad paroon sa pamamagitan ng 'pananampalataya'. Ganito ipinaliwanag ni Pablo ito sa sulat niya sa taga Efeso sa kabanata 1 hanggang 3.

Tayo'y nangaligtas sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. Ang biyaya ay higit pa sa pagpapatawad at awa. Ang biyaya ay pagkakaloob sa ating mga MORTAL ng pagkakataon na maging IMORTAL, maging anak sa kaharian ng Dios, maging tagapagmana kasama ni Cristo at makabahagi sa kabanalang mula sa Dios. Naiwala ito ng tao ng si Adan at Eva ay nagkasala sa Dios. Dahil na rin sa pag-ibig at biyaya ng Dios, binuksan niyang muli ang daan sa kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang Anak bilang katubusan para sa lahat. Dahil sa biyaya, muli tayong nagkaroon ng pagkakataon na mailigtas.

Bilang pagwawakas, sinabi ni Pablo *"Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Dios sa pamamagitan ni Jesus, tinamasa natin ang biyaya ng Dios at tayo'y nagagalak dahil sa pag-asang tayo'y makababahagi sa Kanyang kaluwalhatian. Hindi lamang iyan, ikinagagalak natin ang kahirapang tinitiis...*(Roma 5:1 -3).

IV. KATAPATAN NG DIOS

Dapat nating isasaisip na ang Dios ay tapat. Hindi Siya nangangangako ng 'di niya kayang tuparin. Nananatili Siyang tapat sa pangakong di Niya tayo iiwan ni pababayaan man. (Hebreo 13:5; Mateo 28:20). Ang lahat Niyang plano para sa sanlibutan ay dapat matupad at mangyari. Hindi Siya nag-aalinlangan, nagsisinungaling ni nagbabago ng isipan. Siya ay tapat sa lahat ng bagay na sinabi niyang gagawin Niya. Nakalulungkot na sa kabila ng kanyang katapatan, may pag-aalinlangan pa rin tayo sa kanyang mga pangako. Ang masama pa'y pinagkibit-balikat natin ang halaga niya sa ating buhay sa tuwirang pagtalikod sa kanyang Kautusan. Ang Kanyang batas, na magdadala sa 'tin ng kaligayahan at payapang pamumuhay, ay walang habas nating isinantabi, at dahil na rin sa ating mga ginawa, winalang-halaga natin maging ang ating sarili.

Subalit di kailan man ninais ng Dios na iwaksi ang tao na Kaniyang nilikha ayon sa kanyang wangis at larawan (Genesis 1:26). Siya ay Dios ng buhay at pag-ibig. Kahit ang tao'y naghimagsik at sumuway sa kanya, ang Dios ay nananatiling tapat, hindi niya tayo iniwan. Magiging napakadali para sa Kanya na kalimutan na lamang tayo at magsimulang muli, subalit nanatili pa rin Siya sa atin. Naniniwala Siya na maisasalba pa tayo. Napakadakila ng pag-ibig Niya sa atin, na

hangga’t maari hindi Niya mapapayagan ang sinoman ay mapahamak bagkus magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16; Pedro 3:9).

Ang Dios ay pag-ibig (I Juan 4:8,16). Ipinahayag ng Dios ito sa atin nang isinugo Niya ang kanyang bugtong na Anak sa mundo upang sa pamamagitan Niya tayo ay mabuhay. Mahal natin ang Dios dahil una Siyang nagmahal sa 'tin. Ipinakita ng Dios ang pag-ibig niya sa atin, na nang tayo'y makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin (Roma. 5:8). Naihanda na Niya ang daan sa kaligtasan bago pa man tayo magsisi. Di man natin hiniling sa Dios na sagipin tayo, inihanda na Niya ito maging sa mga taong ayaw ng kaligtasan. Ngunit hindi kailanman pinakialaman ng Dios ang karapatan ng tao na magpapasya kung susunod man sa Kanya o hindi. Ibig Niyang sumunod tayo sa Kanya dahil napatunayan natin na ang Kanyang pamamaraan ay para sa ating kabutihan.

Ang pag-ibig ng Dios ay di-masusukat, at sinumang tutugon sa pag-ibig na ito'y kanyang ililigtas. Dapat natin Siyang ibigin ng buo nating puso at kaluluwa, buo nating isipan, at lakas. Maipapakita lamang natin ito sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Kung magagawa natin ito, makasisiguro tayo na mananahan tayong kasama Niya sa Kaniyang kaharian magpakailan man.

Napakadakila ng katapatan ng Panginoon; Nararapat na tayo'y manatili sa Kanya. Mabuti Siya sa mga taong nagtitiwala sa kanya, sa mga sumasaliksik, at payapang nag-aantay sa pagliligtas na gagawin ng Dios.

Harinawa’y ang mga aral na inilathala sa mga usapin ukol sa Pananampalataya ay maging gabay upang mapalapit tayo sa tunay na Dios na buhay.